



Malabuhay!

OKTUBRE 2019

タガログ語版ニュース
発行: 静岡市国際交流協会
(SAME)

IMPORMASYON SA IBA'T-IBANG WIKA NG 「SAME」



SAME Home Page
<http://www.samenet.jp/>
English, Chinese, Korean, Indonesian, Pilipino, Portuguese, Spanish, Vietnamese
*Gabay sa Pamumuhay
*Talaan ng Pag-aaral ng Nihongo
*Talaang ng Manggagamot na Marunong ng Ibang Wika
* Talaan ng Kapakipakinabang na telepono
*Kultura, Kasanayan ng Japan



<http://www.same-web.com/>
I-click ang GAIKOKU NEWS para sa site sa iba't-ibang wika.

WEBPAGE SA TAGALOG NG [SAME]

<http://www.samenet.jp/philipine/index.html>

May iba't-ibang impormasyon para sa pang-araw-araw na pamumuhay dito sa Shizuoka

PAGHAHANDA SA NANKAI TROUGH MASSIVE EARTHQUAKE

南海トラフ巨大地震に備えて
(ワンポイント・アドバイス)

pahina 2

SERBISYO SA PAGPAPAYO SA IBA'T-IBANG WIKA SA SHIZUOKA CITY

外国人相談窓口「静岡市多文化共生総合センター」開設します

Sinimulan na noong nakaraang Setyembre 2 ang libheng serbisyo sa pagpapayo sa iba't-ibang wika ng Shizuoka City. Upang mas mabigyan ng mas mainam na serbisyo ang mga dayuhang naninirahan dito sa Shizuoka City ay nagbukas ang pamahalaan ng lungsod ng serbisyo sa pagpapayo hinggil sa pang-araw-araw na pamumuhay, trabaho, pagpapagamot, mga pamamaraan sa administrasyon at marami pang iba.

Maaari ring makahingi ng pagpapayo sa pamamagitan ng tablet device. Ang serbisyo ay may laang 14 na wika. Kaya kung nangangailangan kayo o ang inyong mga kakilala ng pagpapayo o patnubay ay mangyaring huwag mag-atubiling magsadya o tumawag sa laang serbisyong ito.

Mga lugar ng serbisyo:

Aoi District— SAME (Shizuoka City Association for Multicultural Exchange) 17 F, Shizuoka City Hall

Suruga District — Citizen's Consultation Room 3F, Suruga Ward Office

Shimizu District — SAME Branch 2F, Shimizu Ward Office

Araw at oras ng serbisyo: 8:30~ 17:15 , Lunes~Biyernes

*Bukas lamang sa Suruga Ward Office tuwing Lunes.

Impormasyon: Gender Equality and Multicultural Affairs Division—054-221-1303

Sistema ng pagpapayo:

Lunes— 8:30~17:15 , 3F Citizens Consultation Room, Suruga Ward

8:30-17:15 (Portugal, Espanol) SAME Shimizu Ward

Martes— 8:30-12:00 (Portugal, Espanol) , 13:00-16:00 (Tagalog) , SAME Shimizu

Miyerkules— 9:00-12:00 (Chinese) SAME Aoi Ward

8:30-17:15 (Portugal, Espanol) SAME Shimizu Ward

Huwebes— 13:00-17:00 (Tagalog) SAME Aoi Ward

8:30-17:15 (Portugal, Espanol) SAME Shimizu Ward

13:00-16:00 (Chinese) SAME Shimizu Ward

Biyernes— 13:00-17:00 (Vietnamese) SAME Aoi Ward

* Maaaring makahingi ng pagpapayo araw-araw sa wikang English sa Aoi Ward at Suruga Ward. Pwede rin sa wikang Espanol at French sa Aoi Ward (SAME).

Ang mga wikang laan sa pamamagitan ng tablet device:

English, Chinese, Spanish, Portugal, Tagalog, French, Vitnamese, Japanese, Korean, Nepalese, Indonesian, Thai, Hindi, Russian.



HALINA'T MAKIPAGLARO SA WIKANG INGLES SA IAI STADIUM NIHON DAIRA

「わくわく・わいわい英語で遊ぼう！ in IAIスタジアム日本平」

Inaanyayahan po ang lahat ng mga batang naninirahan sa Shizuoka City na makiisang makipaglaro at makisaya sa event na ito sa wikang Ingles. Mai-experience din po ng mga bata ang paglalaro sa natural grass ng ground ng stadium.

Petsa: Nobyembre 16 (Sabado) Oras: 10:00~12:00

Lugar: Shimizu Nihon Daira Sports Park Ball Stadium (IAI Stadium Nihon Daira) (Shimizu District Muramatsu 3880-1)

Nilalaman: Paglalaro ng mini-soccer at recreation games sa wikang Ingles sa IAI Stadium Nihon Daira

Kwalipikasyon: Mga batang nakatira sa Shizuoka City na nasa Grade 1 hanggang Grade 6 /Limitasyon: Hanggang 50 bata lamang Bayad sa pagsali: 1,200 yen

Pagpapatala: Mangyaring tumawag sa SAME o mag-aplay sa web site ng SAME hanggang Oktubre 31 (Huwebes) 17:00.

Impormasyon: SAME Shizuoka— 054-273-5931 SAME Shimizu— 054-354-2009



PAGHAHANDA SA NANKAI TROUGH MASSIVE EARTHQUAKE

南海トラフ巨大地震に備えて
(ワンポイント・アドバイス)

Pagpapayo ukol sa Pag-iingat sa Kalamidad laban sa Lindol NANKAI Megathrust

ANONG MANGYAYARI SA MGA PET?

ペットはどうなるの？



Sakali mang magkaroon ng lindol, ano ang mangyayari sa mga mga alagang hayop o pet? Ayon sa mga nakaraang disaster, may mga pet na nasunog o nasugatan, may naligaw o nawala at may mga may-ari ng pet ang di na maaaring makapag-alaga o ang may ari ay namatay.

Kahit pa sabihing maaaring dalhin ang pet sa evacuation center, marami rin sa mawari ang di gusto ito na nagdudulot karaniwan ng trouble o di pagkakaintindihan.

Sa naganap na Niigata Chuetsu Jishin, may isang babae ang ayaw mapahiwalay sa kanyang pet kaya namuhay ito sa loob ng kanyang sasakyan. Doon natutulog ang naturang babae at namatay ito dahil sa economy syndrome.

Dito sa Shizuoka City, sakali mang magkaroon ng malaking lindol, nagbabalak ang Nihondaira Zoo, gayun din ang Udozama General Park Sport Facility na magtayo ng Relief Center para sa mga alagang hayop o pet. Sa Relief Center ay maaaring maprotektahan ang mga pet. Pansamantalang aalagaan ito at gagamutin sakali mang masugatan. May mga pagkain at gamit rin na ilalaan.

Sa oras ng emergency, mangyaring tandaan ang mga sumusunod:

Hanapan kung saan ihahabilin ang inyong pet. Mas ligtas sa pangamba kung may kamag-anak o kaibigan kayo sa malayong lugar ng lindol na pwedeng paghabilitan ng inyong pet. Mainam na ngayon palang ay i-train o disiplinahin na ninyo ang inyong pet upang hindi maging abala sa paghabilitan at maghanda rin ng memo kung paano ang pag-aalaga nito.

Upang maiwasan ang impeksyon, kailangang ang vaccination shot at rabbies shot.

Lagyan din ng tag ng pangalan ang mga pet. Sakali mang maligaw ang mga pet o dalhin sa Relief Center, mas mainam kung may tag ng pangalan ang mga pet kung saan nakalagay ang pangalan nito, pangalan ng may-ari at kung saan kokontakin.

Mga dapat na ihanda para sa mga pet sa oras ng emergency-

Isang linggong pagkain at tubig ng pet at lalagyan nito, antiseptic, gazes, bandages, lead (panali), pet collar, cage (lalagyan ng pet), carrying bag, buhangin para sa toilet ng pet, pet sheets, lumang newspaper, litrato ng pet (gagamitin sakaling mawala ito)

SHIZUOKA WAIWAI WORLD FAIR!

第一回 静岡わいわいワールドフェア

Abangan ngayong autumn ang unang taong pagdiriwang ng Shizuoka Waiwai World Fair event ng Shizuoka City Association for Multicultural Exchange (SAME).

Petsa: Nobyembre 24, Linggo

Oras: 10:30 am -3:30 pm

(hindi itutuloy kapag malakas ang ulan)

Lugar: Aoba Symbol Road at Fushimiya Building

Bayad: Libre (maliban na lamang sa mga paninda)

Itatampok sa event ang iba't-ibang kakanin mula sa iba't-ibang bansa tulad ng mga asian foods at ang mga tradisyonal na musika at sayaw.

Sa kasalukuyan, mayroong 9,000 na dayuhang naninirahan dito sa Shizuoka City. Mainam na pagkakataon ang event na ito para sa mga Hapon at mga dayuhang naninirahan dito sa Shizuoka City upang makasalamuha at makipag-ugnayan sa bawat isa sa pamamagitan ng mga katutubong pagkain, musika at iba pa.

Mayroon ding Legal na pagpapayo para sa mga dayuhan ang gaganapin sa Fushimiya Building sa hapon.

Sa fair na ito ay mayroon ding booth ang Philippine NAKAMA kasama ang Shizuoka Peace Café kung saan makakabili ng mga katutubong pagkain at inumin ng Pilipinas.

Tagapamahala: Shizuoka City Association for Multicultural Exchange



OBSERVATION AT TRAINING EXPERIENCE SA RINZAIJI TEMPLE PARA SA MGA DAYUHAN

(臨濟寺 特別拝観と修行体験)

Maaari ninyong ma-experience ang iba't-ibang mga gawain sa loob ng temple, tea ceremony, buddist meditation, pagkopya ng handwritten na sutra, makalibot sa buong temple at marami pang iba.

Petsa: Oktubre 27, Linggo

Oras: 14:00-15:30

Lugar: Rinzaiji Temple
Shizuoka City Aoi District, Oiwa 7-1

(Mula sa JR Shizuoka Station- Shizutetsu Just-line Nakahara Ikegaya Line/ Bus- Sumpu Roma Bus (Rinzaiji bus stop)

Bayad: ¥2,000

Impormasyon: Shizuoka City Tourism Promotion -
054-251-5880 054-254-2212



LIBRENG PAGPAPAYO AT PAGPAPAKUNSLTA SA KALUSUGAN PARA SA MGA DAYUHAN

がいこくじん むりょうけんこうそうだん

外国人のための無料健康相談
けんしんかい

と検診会のお知らせ



Ito ay pagpapakunslta para sa mga dayuhang walang igina-gawad na health check sa kanilang mga pinagtatrabahuhan o sa kanilang lugar, gayun din sa mga walang Hoken o seguro sa kalusugan, may problema sa pagbabayad sa kunsulta o hindi marunong ng salitang Hapon. Pagkakataon na ito para makapagkunsulta kayo sa inyong mga kalusugan.

Kung nakaseguro man kayo o hindi ay maaari kayong makahingi ng pagpapayo at pagpapakunslta ukol sa inyong kalusugan. May laang mga interpreter sa mga mangangailangan. Ang ilan sa mga serbisyong pagpapakunslta ay internal examinations, ECG, ENT, pediatrics, x-ray, orthopedics, dental check-up, gynecology, psychiatric consultations, health counseling, consultation for insurance, sakit sa balakang at marami pa.

1. Petsa: Nobyembre 10 (Linggo); 10:00-14:00
2. Lugar: Shizuoka Saiseikai Sougou Hospital, Oshika 1 chome 1-1, Suruga District, Shizuoka City
May laang libreng parking space para sa 50 sasakyan.
3. Bayad: Libre ang pagpapakunslta subalit may communication cost na 200 yen ang bawa't isa. Mangyaring bayaran ito sa reception. Kung pupunta kayo sa event na ito na di nakapag-apply in advance ay hihingan kayo ng 500 kabayaran para sa pagpapakunslta.

4. Limitasyon: 200 katao

5. Pagpapatala: Mangyaring pirmahan lamang ang mga application form na available tulad sa SAME Office. Ipadala ang form by post na may halagang 82 yen ang sobre hanggang Oktubre 15 sa— ang address ng padadalhan ng application form ay nakasulat sa mismong form din. (Committee of Free Health Consultation 20-0839 Shizuoka City, Aoi District, Takajo 3-3-1 Iguchi Bldg 2A)

Maaaring kumuha rin ng kopya ng application form sa website: <http://www.geocities.co.jp/NatureLand/7314/kensin/>

May kopya sa wikang Japanese, English, Portugal at Espanol.

Maaari ring kumunslta ang mga walang hokensho o insurance card. Kung mayroong kayong hokensho, upang makabawas ng oras sa pila ay mangyaring i-copy ito at ipadala kasama ang sa application paper.

6. Impormasyon: Free Health Consultation for Foreigners and Medical Examination Committee — 054-209-5682

***** Mayroon ding mga abogado na libreng makahingi ng payo ang mga dayuhan ukol sa mga legal na karapatan.**

KONSULTASYON PARA SA MGA DAYUHAN SA “SAME”

外国人住民のための生活相談

Ang Shizuoka City Association for Multi-cultural Exchange o SAME ay naglalaan ng pagpapayo para sa mga dayuhan naninirahan dito sa Shizuoka ukol sa pang-araw-araw na pamumuhay dito sa Japan. Mayroon ding pagpapayo ukol sa mga legal na karapatan at mga impormasyon ukol sa imigrasyon.



Kung kinakailangan ang dalubhasang tagapayo, maaari itong ayusin o ipakilala kayo sa mga abogado o administrative scriveners. Ang pagpapayo ay sa iba't-ibang wika tulad ng Tagalog at Ingles.

Para sa iba pang impormasyon ay mangyaring makipag-ugnayan sa mga sumusunod: SAME Shizuoka—054-273-5931 SAME Shimizu—054-354-2009

DAIDOUGEI WORLD CUP IN SHIZUOKA 2019

大道芸ワールドカップin静岡2019



Nakatakdang ganapin sa taong ito ang “Daidougei World Cup in Shizuoka 2019” mula sa No-

byembre 1 (Huwebes) hanggang Nobyembre 4 (Linggo). Sa taon ring ito ay may humigit kumulang na 100 street performances ang libre ninyong mapapanood. Nakatakdang ganapin ang naturang event sa Shizuoka Shimin Bunka Kaikan, Sumpujo Park, Gofukucho Douri, Shichikencho, Aoba Symbol Road, Tokiwa Park, Taas ng Parche, Apita (Satelite), S-pulse Dream Plaza (satellite) at marami pang lugar ng siyudad.

Para sa iba pang detalye ay maaari kayong tumawag sa Daidougei World Cup Committee - 054-205-9840 tuwing weekdays. 10:00 ng umaga hanggang 6:00 ng gabi.

ANG JAPAN TUWING OKTUBRE

日本の10月

Oktubre 14— Ipinagdiriwang ng Japan ang Araw ng Kalusugan at Pamalakasan o Health and Sports Day (TAIKU NO HI) tuwing ika-2 Lunes ng Oktubre. Layunin nito ang maitaguyod ang sports at isang aktibong pamumuhay upang matiyak o magkaroon ang lahat ng isang malusog na kaisipan at katawan.



Oktubre 22- Ito ay public holiday bilang araw ng koronasyon ng bagong emperador.

